

Sakit na Coronavirus (COVID-19)

Kamakailang mga update:

11/13/20: In-update ang kahulugan ng malapitang nakasalamuha at ang mga kinakailangan sa kung sino ang dapat na i-quarantine at kung sino ang dapat na ibukod. Nagbigay rin ng karagdagang impormasyon sa pangangasiwa ng mga kawani o bisita na may mga sintomas.

Kung pinamamahalaan mo ang isang lugar ng trabaho sa anumang uri, maaaring magkaroon ka ng mga alalahanin kung paano hahawakan ang mga isyu na may kaugnayan sa COVID-19 sa iyong kawani at/o mga iyong kliyente o kustomer. Nakalista sa ibaba ang mga sagot sa mga katanungan na natanggap namin mula sa mga tagapangasiwa ng mga pampublikong ahensiya at pribadong kumpanya tungkol sa mga kumpirmado o pinaghihinalang kaso ng COVID-19 sa mga lugar ng kanilang mga trabaho.

Kung gusto mo ng dagdag na impormasyon tungkol sa novel coronavirus disease (COVID-19) o sa mga pinakabagong balita tungkol sa virus, bisitahin ang website ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan (Department of Public Health, DPH): <http://www.publichealth.lacounty.gov/media/Coronavirus>.

1. Pinamamahalaan ko ang isang opisina ng county na may malaking bilang ng mga tauhan. Pumasok sa trabaho ang isang empleyado na may sakit. Hindi nila alam kung nahawaan sila ng virus – banayad lang ang sintomas nila, at ipinaalam nila sa akin ang tungkol sa kanilang sakit bago gumugol ng oras sa ibang mga kawani.

Pauwiin kaagad ang may sakit na empleyado. Kung sila ay may mga sintomas ng malubhang sakit katulad ng hirap sa paghinga, presyon o pananakit sa dibdib, maasul na mga labi o mukhang nalilito, tumawag sa 9-1-1. Kung hindi man, inirerekomenda na sila ay manatili sa bahay, makipag-usap sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan (healthcare provider) at magpasuri para sa COVID-19. Isaalang-alang ang mga alternatibong opsyon sa trabaho tulad ng teleworking o iba pang mga pag-aayos upang magtrabaho ng malayuan kung magagawa ito ng empleyado. Makikita ang gabay para sa mga taong may mga sintomas sa ph.lacounty.gov/covidcare.

Kung ang may sakit na empleyado ay nasuring positibo para sa COVID-19 o sinabihan sila ng kanilang healthcare provider na sila ay may COVID-19, dapat silang manatili sa bahay at sundin ang mga tagubilin sa pagbubukod sa bahay.

Dapat tasahin ng ibang empleyado ang kanilang naging ugnayan sa empleyadong may sakit kung ang empleyado lamang na iyon ay nasuring positibo para sa COVID-19.

- Kung nagkaroon sila ng malapit na ugnayan sa empleyadong may sakit sa anumang punto 2 araw bago ang may sakit na empleyado ay nagkaroon ng mga sintomas hanggang sa katapusan ng kanilang panahon ng pagbubukod (tinatawag rin na bilang kanilang nakakahawang panahon), ang nakasalamuha ay kailangang umuwi at simulan ang isang 14 na araw na pag-quarantine sa sarili. Ang pagkakaroon ng malapitang pakikisalamuha ay tinukoy bilang anumang ugnayang hindi bababa sa 6 na talampakan para sa kabuuang 15 minuto o higit pa sa 24 na oras O walang proteksyong pagkakalantad sa mga likidong mula

Sakit na Coronavirus (COVID-19)

sa katawan, halimbawa ay kapag umubo o bumahing ang isang tao sa malapit o kapag nagsalo ang dalawang tao sa iisang inumin o kubyertos.

- Ang mga empleyadong hindi nagkaroon ng malapitang pakikisalamuha sa indibidwal na may sakit sa kanilang panahon ng nakakahawa ay maaaring manatili sa trabaho.

Kung ang may sakit na empleyado ay nasuring negatibo para sa COVID-19 gamit ang isang molekular na pagsuri (molecular test) o sinabihan sila ng kanilang healthcare provider na wala silang COVID-19, maaari silang magbalik sa trabaho 24 na oras pagkatapos na mawala ang kanilang lagnat ng hindi gumagamit ng mga gamot na nakapagpapababa ng lagnat, at ang kanilang mga sintomas ay bumuti na. Kung gumamit sila ng pagsuri maliban sa molecular test at tumanggap ng negatibong resulta, ang resulta ay dapat na kumpirmahin sa isang molecular test. Ang mga nakasalamuha ng indibidwal na ito ay hindi na kailangang pauwiin para mag-quarantine.

Paalalahanan ang lahat ng mga empleyado na sundin ang mga pangkalahatang hakbang para pigilan ang pagkalat ng mga impeksyon sa palahingahan. Ang lahat ng mga tagapamahala (managers) ay dapat na isulong ang madalas na paghuhugas ng kamay, huwag hikayatin ang mga manggagawa sa paggamit ng mga telepono, mesa, opisina, o iba pang mga kasangkapan at kagamitan ng ibang mga manggagawa, paalalahanan ang mga empleyado na magsanay ng panlipunang pagdistansya sa pamamagitan ng pagpapanatili ng 6 na talampakang tao-sa-taong distansya, payuhan sila na linisin at disimpektahin ang mga bagay at ibabaw na madalas hawakan, at aktibong hikayatin sila na manatili sa bahay kung sila ay may sakit.

2. Paano kung may dumating na kustomer o kliyenteng nagpapakita ng mga sintomas ng sakit?

Kung may pumupuntang mga kustomer o kliyente sa inyong lugar ng trabaho, gawing madali para sa inyong mga bisita na magsanay ng mahusay na kalinisan at pamantayan sa paghinga. Magpaskil ng mga karatulang humihiling sa mga taong may sakit na makipag-ugnayan sa iyo online. Magbigay ng mga tisyu, basurahan, at mga hand sanitizer dispenser na hindi kailangang hawakan sa mga pasukan. At tiyaking susundin ng iyong mga empleyado ang mga patnubay sa panlipunang pagdistansya, pinapanatili ang isang ligtas na anim na talampakang layo sa pagitan nila at ng mga bisita kung may sakit man o hindi. Kung kailangang mas lumapit ng iyong empleyado sa kustomer, siguraduhing mabawasan nila ang oras ng magkasama ng mas mababa sa 15 minuto.

Pagkatapos umalis ang kustomer o kliyente, gumamit ng mga kemikal na panlinis na may mga label ng disinfectant na rehistrado sa EPA, na nagpapahayag ng paglaban sa mga lumalabas na viral pathogen upang punasan ang mga doorknobs/push bars, mga pindutan ng elevator, mga pintuan ng banyo, atbp., na maaaring nahawakan ng bisita.

3. Tumawag ang isang empleyado upang sabihin na nagpositibo siya sa COVID-19. Wala siyang naging halatang sintomas habang nasa trabaho, ngunit malapit siyang nagtatrabaho sa ibang tao at maaaring nalantad ang mga iyon sa COVID-19. Anong mga hakbang ang dapat kong gawin?

Dapat manatili ang empleyadong ito sa bahay at ibukod ang kanilang sarili. Kung magpatuloy sila na walang mga sintomas, kailangan nilang manatili sa bahay ng hindi bababa sa 10 araw pagkatapos ng kanilang pagsusuri. Kung sila ay nagkaroon ng mga sintomas sa isang punto, dapat nilang ibukod ang kanilang sarili ng hindi bababa sa 10

Sakit na Coronavirus (COVID-19)

araw mula sa araw na nagsimula ang mga sintomas AT hindi bababa sa 1 araw pagkatapos na gumaling ang lagnat ng hindi umiinom ng mga gamot na nagpapababa ng lagnat at ang mga sintomas (hal. ubo, pangangapos ng hininga) ay bumuti na.

Ang mga indibidwal na walang mga sintomas na nagpositibo ay itinuturing na nakakahawa mula 2 araw bago ang petsa ng positibong pagsuri hanggang sa 10 araw pagkatapos ng kanilang pagsuri. Ang mga empleyadong nagkaroon ng malapitang pakikisalamuha sa isang indibidwal sa panahong nakakahawa, ay dapat na mag-quarantine sa sarili ng 14 na araw mula sa petsa ng huling pakikisalamuha. Nalalapat ito kung ang kanilang nahawaan na katrabaho ay hindi kailanman nagkaroon ng mga sintomas o nagkaroon ng mga sintomas pagkatapos na masuri. Bisitahin ang pahina ng Pag-quarantine sa Bahay (ph.lacounty.gov/covidquarantine) para sa impormasyon sa mga tagubilin ng pag-quarantine.

Ang malapitang pakikisalamuha ay tinukoy bilang sinumang taong nakasalamuha sa loob ng 6 na talampakan ng higit sa 15 minuto o sa loob ng 24 na oras na panahon O hindi protektadong pagkakalantad sa mga likido ng katawan, halimbawa kapag ang isang tao ay umubo o bumahing sa malapit o kapag ang dalawang tao ay nagsalo sa isang inumin o kubyertos.

Dapat tandaan na hindi legal na magsabi sa iba pang mga empleyado kung sino ang may sakit o sino ang may COVID-19. Ito ay isang paglabag sa mga karapatan ng pasyente ang pagbubunyag ng pribadong medikal na impormasyon tungkol sa isang tao. Maaaring hulaan ng mga empleyado kung sino ang taong nahawaan, ngunit kahit pa magawa nila ito, hindi pa rin legal na ibunyag mo ang impormasyong iyon. Dahil doon, mayroong mga hakbang na maaari mong gawin upang maprotektahan ang iyong iba pang mga manggagawa at ang iyong mga kostumer:

- Tasahin kung sino ang nagkaroon ng malapitang pakikisalamuha gaya ng inilarawan sa itaas sa empleyadong ito, sa trabaho, sa mga oras ng pahinga, o kapag kumakain. Ang mga indibidwal na iyon ay nasa panganib at dapat mag-quarantine sa bahay ng 14 na araw mula sa huling pagkakataon na kanilang malapitang nakasalamuha ang manggagawang nahawaan habang ang manggagawa ay nakakahawa (sa pamamagitan ng pagsusuri o mga sintomas) ng COVID-19. Kung ang isang empleyado na nagkaroon ng pakikisalamuha ay hindi nagkasakit sa loob ng labing-apat na araw mula sa kanilang huling pakikisalamuha sa nahawaang tao (ang haba ng panahon kung saan ang sakit ay kadalasang lumilitaw), sila ay maaaring ligtas na bumalik sa trabaho. Pansamantala, maaari silang magtrabaho muna sa malayuan. Ang mga empleyado ay maaaring higit pang matutunan and tungkol sa pag-quarantine sa bahay pagkatapos ng pagkakalantad mula sa gabay ng DPH para sa mga taong nalantad sa COVID-19 (ph.lacounty.gov/covidquarantine).
- Lubusang linisin at i-disinfect ng mabuti ang mga kagamitan at ibabaw sa lugar ng trabaho na maaaring nahawakan ng empleyado, tulad ng mga doorknobs/push bars, mga pindutan ng elevator, mga pintuan ng banyo, mga copier o iba pang makina sa opisina, atbp. Gumamit ng mga kemikal na panlinis na may mga label ng disinfectant na rehistrado sa EPA na nagpapahayag ng paglaban sa mga lumalabas na viral pathogens.

Kung ang isa sa iyong mga empleyado ay nagkakaroon ng mga sintomas habang naka-quarantine, dapat silang magpasuri para sa COVID-19 at dapat nilang sundin ang pagbabalik sa mga alituntunin sa trabaho na nabanggit sa itaas (10 araw pagkatapos na magsimula ang mga sintomas AT 1 araw pagkatapos na gumaling ang lagnat ng hindi umiinom ng mga gamot na nagpapababa ng lagnat AT ang mga sintomas ay bumuti na).

Sakit na Coronavirus (COVID-19)

4. Isa sa aming mga empleyado ay hinihinalang kaso ng COVID-19 ngunit hindi pa nasusuri.

Sa sitwasyong ito, pauwiin kaagad ang may sakit na empleyado. Kung sila ay may mga sintomas ng malubhang sakit tulad ng hirap sa paghinga, presyon o pananakit sa dibdib, maasul na mga labi o mukhang nalilito, tumawag sa 9-1-1. Kung hindi man, inirerekomenda na sila ay manatili sa bahay, makipag-usap sa isang healthcare provider at magpasuri para sa COVID-19. Isaalang-alang ang mga alternatibong opsyon sa trabaho tulad ng teleworking o iba pang mga pag-aayos upang magtrabaho ng malayuan kung magagawa ito ng empleyado. Makikita ang gabay para sa mga taong may mga sintomas sa ph.lacounty.gov/covidcare.

Kung ang may sakit na empleyado ay nasuring positibo para sa COVID-19 o sinabihan sila ng kanilang healthcare provider na mayroon silang COVID-19, dapat silang manatili sa bahay at sundin ang mga tagubilin sa pagbubukod sa bahay. Kung ang may sakit na empleyado ay nasuring negatibo para sa COVID-19 gamit ang isang molecular test o sinabihan sila ng kanilang healthcare provider na wala silang COVID-19, maaari na silang makabalik sa trabaho 24 na oras pagkatapos na mawala ang lagnat ng hindi gumagamit ng mga gamot na nakapagpapababa ng lagnat at ang kanilang mga sintomas ay bumuti na. Kung sila ay gumamit ng isang pagsuri maliban sa molecular test at tumanggap ng negatibong resulta, ang resultang iyon ay dapat na kumpirmahin gamit ang isang molecular test. Para tulungan tayong iwasan ang sobrang pagpapahirap sa sistema ng kalusugan, hindi mo dapat iatas ang isang tala (note) na mula sa isang healthcare provider alinman para bigyang-katwiran ang pagliban ng empleyado na may sakit sa palahingahan o para pahintulutan ang pagbabalik-trabaho ng empleyado.

5. Nalantad sa COVID-19 ang isa sa aming mga empleyado matapos makihalubilo sa isang miyembro ng publiko – isang kustomer, kliyente o kasama sa negosyo – na kumontak sa amin upang sabihin na napag-alaman nila na sila ay nahawa. Anong mga hakbang ang dapat kong gawin? Paano ang ibang tao na maaaring nalantad bukod pa sa mga tauhan?

Suriin ang pakikihalubilo ng iyong empleyado sa bisita. Kung ang empleyado ay nasa loob ng 6 na talampakan mula sa nahawaang indibidwal sa kabuuang 15 minuto o higit pa sa 24 na oras na panahon, o nagkaroon ng hindi protektadong direktang kontak sa mga inilalabas ng palahingahan ng nahawang indibidwal (hal. pag-ubo o pagbahing sa mukha), ang empleyado ay dapat manatili sa bahay upang mag-quarantine ng 14 araw mula sa petsa ng kanilang pakikipag-ugnayan. Tulad ng mga naunang senaryo, maaari kayong mag-alok ng telework bilang opsyon. Alamin kung may iba pang empleyadong na-expose at kung maaari ring matugunan ang pamantayan para sa pag-quarantine sa bahay. Kung wala sa iyong mga tauhan ang nagkaroon ng malapit, matagal na pakikipag-ugnayan sa nahawahang bisita, hindi mo kailangang gumawa ng anumang hakbang upang maprotektahan ang mga tauhan maliban sa patuloy na pagkontrol sa impekasyon.

Gayunpaman, kahit pa ligtas ang mga tauhan, maaaring napalapit ang iba pang mga kustomer sa bisita, at dapat kang magsagawa ng mga hakbang upang protektahan sila. Tandaan na maaaring nangyari ito sa isang panlabas na pila upang makapasok sa iyong pasilidad, pila sa loob ng iyong pasilidad, sa silid ng paghihintay sa labas ng iyong tanggapan, o sa isang nakatayo na mesa kung saan magkakatabi ang mga kustomer upang punan ang mga form o magsagawa ang iba pang negosyo. Kung matutukoy mo ang pagkakakilanlan ng mga taong bumisita sa inyong pasilidad sa parehong oras at maaaring nagkaroon ng malapit na ugnayan sa indibidwal na nahawa, dapat mo silang kontakin at ipaalam sa kanila na kailangan nilang mag-quarantine sa bahay. Mangyaring sumangguni sa patnubay ng DPH kaugnay ng pag-quarantine sa bahay na nakalista sa ph.lacounty.gov/covidquarantine. Kung hindi mo kilala ang mga pagkakakilanlan ng mga taong maaaring nalantad, ang susunod na pinakamahusay na

Sakit na Coronavirus (COVID-19)

gagawin ay magpaskil ng abiso sa iyong website o social media page, na magpapaalam sa mga taong bumisita sa inyong pasilidad noong naroon ang taong nahawaan kung ano ang panganib at ang pangangailangang bantayan sa kanilang kalusugan – ipasangguni sila sa patnubay ng DPH para sa mga indibidwal na nalantad sa ph.lacounty.gov/covidquarantine.

6. Namamahala ako ng isang ahensya ng serbisyong panlipunan ng pamahalaan (government social service agency) na nagsilbi sa mga kliyente sa aming mga opisina hanggang utusan kaming magsara at ngayon ay bumibisita sa mga tahanan upang paglingkuran lalo na ang mga mahihinang kliyente. Isa sa aming mga kliyente ay may kumpirmadong kaso ng COVID-19.

Kung pinaglingkuran mo ang kliyenteng ito sa inyong opisina, kakailanganin mong alamin kung sino ang malapit na nakahalubilo (mas mababa sa anim na talampakan ang layo mula sa nahawaang indibidwal sa kabuuang 15 minuto o higit pa sa 24 na oras o hindi protektadong na direktang ugnayan sa mga inilalabas ng palahingahan ng nahawang indibidwal [hal., naubuhan o nabahingan sa mukha]) nila sa kanilang panahon na nakakahawa. Tulad ng naunang senaryo (Numero 5), kakailanganin mong suriin kung sino sa inyong mga tauhan ang nagkaroon ng ugnayan sa indibidwal na may sakit at kung gaano katagal. Iyong mga umaabot sa pamantayan ng pagiging isang malapitang nakasalamuha ay kakailanganin na mag-quarantine sa bahay.

Kung pinaglingkuran mo ang kliyenteng ito sa bahay sa panahong sila ay nakakahawa, ang panganib ay nasa bumisita sa kanilang tahanan. Ang bumisita sa kanilang tahanan ay dapat mag-quarantine sa bahay ng 14 na araw mula sa huling pakikihalubilo sa nahawaang kliyente, at muli, maaaring piliing magtrabaho sa tahanan. Ang ibang mga tauhan/kawani ng iyong programa ay maaaring magpatuloy sa mga regular na tungkulin sa trabaho.

7. Ako ang namumuno sa isang pampublikong ahensiyang pangkaligtasan. Nagtrabaho ang isa kong empleyado habang may sakit at inilantad ang iba pang mga empleyado na unang humaharap sa pampublikong kaligtasan. Hindi ko sila pwedeng pauwiin lahat – ano ang gagawin ko?

Kagaya ng kahit na sinong empleyadong may sakit, dapat manatili ang indibidwal sa tahanan tulad ng nakatala sa sagot sa katanungang bilang 4. Kung ang empleyado ay nasuring positibo para sa COVID-19, kilalanin ang mga kasamahan o mga miyembro ng publiko na iyon na malapitang nakasalamuha ng may sakit na empleyado (sa loob ng 6 na talampakan ng nahawaang indibidwal sa kabuuan na 15 minuto o higit pa sa 24 na oras o nagkaroon ng hindi protektado na direktang ugnayan sa mga inilalabas ng palahingahan ng nahawang indibidwal [hal. naubuhan o nabahingan sa mukha]) habang ang empleyado ay nakakahawa. Kung ang direktiba na ito ay nagdudulot ng kakulangan sa tauhan na magpapataas ng pangkalahatang panganib sa publiko, ang mga nakalantad na empleyadong hindi nagpapakita ng mga palatandaan ng sakit ay maaaring bumalik sa trabaho na may dalawang beses sa isang araw na may pagsusuri ng temperatura at mga sintomas at pagsusuot ng mga pamprotekta sa mukha. Dapat suriing mabuti ang patnubay sa pagkontrol sa impeksyon, upang pigilan ang mga nalantad na indibidwal sa paglalagay sa panganib ang mga iba pang katrabaho o mga miyembro ng publiko.

8. Ako ang direktor ng isang kanlungan ng mga walang tirahan (homeless shelter) na

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County

www.publichealth.lacounty.gov

11/13/2020 FAQ Managers (Tagalog)



Sakit na Coronavirus (COVID-19)

nagbibigay ng tutuluyan sa gabi para sa 50 katao. Ang isa sa aming madalas na bisita ay nagkaroon ng mataas na lagnat at lubhang kinakapos ng hininga, at kinailangang dalhin ng ambulansya sa isang ospital kagabi. Ano ang dapat kong gawin upang protektahan ang mga tauhan at iba pang mga panauhin?

Kung ang bisita ay napag-alaman na may COVID-19, sinumang may malapit na kontak ay dapat i-quarantine mula sa iba pang mga bisita hangga't maaari. Ang pinakamahusay na solusyon ay ang pagkakaroon ng hiwalay na kwartong may sariling banyo para sa bawat indibidwal; kung hindi ito magagawa, dapat magpatupad ng iba pang paraan ng paghihiwalay sa mga nalantad na indibidwal mula sa iba pang mga tao. Maaari kang makahanap ng iba pang mungkahi sa paglikha ng isang protektadong espasyo sa dokumentong tinatawag na [“Guidance for Homeless Shelters”](#) (Gabay para sa Mga Silungan ng Mga Walang Tirahan) sa DPH website .

Kung imposibleng i-quarantine ng sapat ang mga nalantad na panauhin, makipag-ugnayan sa DPH Quarantine and Isolation Intake Call Center para sa mga Taong Nakakaranas ng Kawalang Tirahan sa (833) 596-1009 upang malaman kung may mga higaang magagamit sa lugar na iyon, at kung ang mga bisita na iyong inaala ay nakakatugon sa alituntunin sa pagiging karapat-dapat.

Dapat ding pauwiin ang mga nalantad na kawani/tauhan upang mag-quarantine sa bahay kung maaari. Kung hindi ito magagawa, dapat bigyan ng mga pantakip sa mukha at tagubilinan ang mga nalantad na tauhan tungkol sa mga patnubay sa panlipunang pagdistansya at pangkalahatang pagkontrol sa impeksyon. Ang lahat ng maaaring pagsisikap ay dapat gawin upang limitahan ang pakikihalubilo sa kliyente.

9. Nangangasiwa ako ng negosyong nagtitingi (retail business). Napakahusay ng aming nagawa sa pagkontrol ng pagpasok sa tindahan ng sa gayon ay hindi kami nagsisiksikan, ngunit paano kami magpapatupad ng panlipunang pagdistansya sa pagitan ng mga tauhan at mga kustomer pagdating sa kahera?

Ang patnubay sa pampublikong kalusugan kaugnay ng panlipunang pagdistansya ay naglalayon ng espasyong 6 na talampakan at pakikihalubilo na hindi lalampas ng 15 minuto sa pagitan ng sinumang dalawang tao. Sa pangkalahatan, mas mabuti ang mas mabilis na pakikipag-ugnayan. Kailangang maging layunin mong sumunod, hangga't maaari, sa parehong bagay. Isaalang-alang ang paglalagay ng mga palatandaan sa sahig na malapit sa bayaran ng inyong tindahan, upang panatilihin ang nagbabayad na kustomer sa pinakamalayang bahagi ng conveyor belt, habang may 6 na talampakan ang layo ng iba pang mga kustomer sa kanila. Ang bawat mamimili ay maaari lamang tumuloy kung oras na nilang magbayad ng mga pinamili. Bilang alternatibo, sakaling maging mahirap na pasunurin ang mga mamimili sa 6 na talampakang patnubay, magtakda ng nagkakakitaang harang (see-through barrier) sa bawat bayaran na pisikal na naghihiwalay sa kahera at sa kustomer. Hinihikayat kayong gumamit ng anumang estratehiyong magagamit ninyo upang mabawasan ang harapang pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga tauhan at sa pagitan ng mga mamimili at mga tauhan.